

# Panatilihing Ligtas ang mga Mag-aaral

Ito ay Responsibilidad ng Lahat



## Mga Tawiran

Huwag huminto o pumarada sa loob ng limang metro malapit sa tawiran. Ito ay makakahadlang sa pagtanaw ng mga taong tumatawid.



## Ipinagbabawal na mga Lugar

Huwag pumarada o huminto sa lugar na may mga markang "Huwag Huminto". Sundin ang mga ipinagbabawal na oras sa bawat lugar.



## Bawal Lumiko

Huwag lumiko sa mga interseksyon ng paaralan o mga tawiran. Umikot sa paligid ng bloke kung kailangan.



## Pagparada sa Tapat ng Nakaparadang Sasakyan

Huwag huminto sa tapat ng mga nakaparadang sasakyan at iwanan ang inyong sasakyan nang walang dahilan upang tumakbo sandali sa loob ng paaralan.



## Hintuan ng mga Bus

Huwag huminto o pumarada sa inilaang hintuan ng mga bus kahit na walang nakikitang mga nakahinto sa lugar.



## Pagtawid sa di Tamang Tawiran

Huwag maglakad sa pagitan ng mga nakaparadang mga sasakyan. Laging lumakad sa tamang tawiran.

## Sobrang Sikip?

## Walang Maparadahan?

Para sa kaligtasan ng inyong anak at ng iba, siguraduhin ang pagsunod sa mga batas sa kalsada at sumunod sa lahat ng mga sensyales sa mga kalye at palatandaan sa kalsada. Isaalang-alang ang ibang mga nagmamaneho, mga tumatawid, at mga residente ng komunidad at maghanap ng tamang lugar na pagpaparadahan. Maaaring kailanganin mong pumarada ng malayo sa paaralan at maglakad upang ihatid ang inyong anak nang matiyak na darating sila nang ligtas sa paaralan.



CALGARY  
POLICE  
SERVICE



Suriing mabuti upang makita ang mga ligtas na pagpapayo sa pagmamaneho.